Mensahe Lima

## Digmaan laban sa mga Amalekita

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 15; Exo. 17:8-13; Gal. 5:16-17, 24

**I. Ang 1 Samuel 15 ay isang talâ ng pagsuway ni Saul sa kanyang pananakop sa mga Amalekita:**

A. Nilupig Niya ang kaaway, subalit siya ay lubusang suwail sa Diyos—bb. 7-9.

B. Dito si Saul ay lubusan at ganap na nahantad, at pagkatapos ay pinabayaan siya ng Diyos at gayundin ni Samuel—bb. 14-26.

C. Ang kapitulong ito ay naglalaman ng isang mahalagang aralin para sa atin ngayon.

**II. Sa tipolohiya, ang mga Amalekita ay sumasagisag sa laman—ang natisod na tao—Exo. 17:8-16:**

A. Ang Amalek, ang laman, ay ang nangungunang kaaway sa pagbigo sa atin na magpatuloy sa Panginoon—b. 8; Deut. 25:17-18:

1. Ang pangalang Amalek ay nangangahulugang "paladigma," nagpapahiwatig na ang laman ay paladigma, mapanira, at mapanligalig.
2. Ang pinakamalaking tagawasak ng buhay-Kristiyano ay ang laman—1 Ped. 2:11.
3. Ang katunayan na ang Diyos ay may isang patuloy na pakikidigma sa Amalek ay naghahayag na kinamumuhian ng Diyos ang laman at nagnanais na puksain ito—Exo. 17:16; Gal. 5:17.

B. Ang laman ay tumutukoy sa kabuuan ng natisod na lumang tao, ang ating buong natisod na katauhan—Gen. 6:3; Roma 7:18a; Gal. 2:16:

1. Ang laman ay ang pamumuhay at kahayagan ng lumang tao—Roma 6:6.
2. Ang laman ay nakikipag-alit sa Diyos, ang laman ay hindi nagpapasakop sa kautusan ng Diyos, at ang laman ay walang kakayahang magpasakop sa kautusan ng Diyos—8:7.

C. Ang laman ay ang kampo ng kaaway ng Diyos at ang pinakamalaking himpilan para sa kanyang gawain—Gal. 5:19-21:

1. Sa buong sansinukob ang namumukod- tanging kaaway ng Diyos, sa isang praktikal na pakahulugan, ay hindi si Satanas kundi ang laman—Roma 8:7.
2. Ang laman, ang natisod na tao, ay lubusang kaisa ni Satanas at ginagamit ni Satanas upang labanan ang Diyos—Mat. 16:23; Gal. 5:17.
3. Ang laman ay ang una sa mga kaaway natin, nangunguna sa kasalanan, sa sanlibutan, at kay Satanas upang labanan tayo—Roma 8:3.
4. Kinamumuhian ng Diyos ang laman sa parehong paraan na kinamumuhian Niya si Satanas, at ninanais Niyang wasakin ang laman sa parehong paraan na ninanais Niyang wasakin si Satanas—Exo. 17:16; Deut. 25:17-19; 1 Sam. 15:2-3.

D. Kay Amalek ay may isang kamay laban sa trono ng Panginoon—Exo. 17:16; 1 Sam. 15:22-23:

1. Tinangka ni Amalek na ibagsak ang trono ng Diyos, gaya nang minsang tinangkang gawin ni Satanas—Exo. 17:8, 16.
2. Tulad ni Satanas mismo, ang laman ay laban sa awtoridad ng Diyos—Isa. 14:12-14:
   a. Ang laman ay nasa pagrerebelde laban sa Diyos at laban sa Kanyang trono.

b. Anuman ang ginagawa ng Diyos sa pampamahalaan, ito ay sinasalungat ng laman.

3. Ang ating laman ay isang kaaway ng awtoridad ng Diyos at nasa pagrerebelde laban sa pampamahalaang administrasyon ng Diyos:
   a. Ang laman ang pinakapangit sapagkat ito ay laban sa trono, sa administrasyon, at sa plano ng Diyos—Apoc. 4:2; 5:6; Efe. 3:11.
   b. Bawa't aspekto ng ating laman, mabuti man o masama, ay kaaway ng awtoridad ng Diyos.
   c. Anuman ang mula sa laman ay laban sa trono ng Diyos; ito ay gagamitin ni Satanas, ang tusong isa, ang kaaway ng Diyos, upang hadlangan ang layunin ng Diyos—2 Cor. 2:11.

E. Ang laman ay laban sa pagkahari:
   1. Kung saan naroon ang laman, doon ay walang kaharian ng Diyos.
   2. Dahil dito, ang laman ay dapat na lubusang matuos bago dumating ang kaharian ng Diyos.

**III. Sa 1 Samuel 15:2 ay idineklara ni Jehovah na Kanyang parurusahan ang mga Amalekita sa kanilang ginawa sa Israel nang nakipaglaban sila sa Israel:**

A. Ang Amalek ay nakipaglaban sa mga anak ni Israel habang naglalakbay sila upang makaabot sa gol ng Diyos—Exo. 17:8-16; 1 Sam. 15:22-23:
   1. Sa pakikipagdigma laban sa Amalek na inilarawan sa Exodus 17:8-16, tumayo si Moises sa tuktok ng burol na may tungkod ng Diyos sa kanyang kamay, at humayo si Josue kasama ang mga piniling kalalakihan upang labanan at talunin ang Amalek.
   2. Habang nakikipaglaban si Josue, si Moises ay nananalangin.
   3. Matapos talunin ni Josue ang Amalek, nagdeklara ang Diyos na Siya ay "makikipagdigma sa Amalek mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod na henerasyon" (b. 16); ito ay nagpapakita kung gaano kaseryoso itinuring ng Diyos ang pagkabigo na sinanhi ng mga Amalekita.

B. Ipinakikita sa atin ng Exodo 17:8-13 kung paano makipaglaban sa Amalek:
   1. Nakikipaglaban tayo sa Amalek sa pamamagitan ng namamagitang Kristo at ng nakikipaglabang Espiritu—Roma. 8:34; Heb. 7:25; Gal. 5:17:
      a. Ang pagtaas ni Moises ng kanyang kamay sa tuktok ng bundok ay sumasagisag sa umakyat sa langit na Kristo na namamagitan sa mga kalangitan—Exo. 17:9, 11.
      b. Ang pakikipaglaban ni Josue sa Amalek ay sumasagisag sa nananahanang Espiritu na nakikipaglaban sa laman—bb. 9, 13.
      c. Kailangan nating makipag-isa sa namamagitang Kristo upang makipagtulungan sa nakikipaglabang Espiritu—Col. 3:1-3, 5; Roma 8:34, 13; Gal. 5:24, 17.
   2. Sa digmaan laban sa Amalek, kailangan nating makipagtulungan sa Panginoon sa pamamagitan ng pananalangin at paglalagay ng laman sa kamatayan—Luc. 18:1; 1 Tes. 5:17; Roma 8:13; Gal. 5:24:
      a. Kapag tayo ay nananalangin, tayo ay kaisa ng namamagitang Kristo—Roma 8:34.
      b. Kapag inilalagay natin ang laman sa kamatayan, tayo ay kaisa ng nakikipaglabang Espiritu—Gal. 5:17.

c. Sa isang panig, dapat tayong manalangin kasama ni Kristo; sa kabilang panig, dapat nating patayin ang laman sa pamamagitan ng nakikipaglabang Espiritu—b. 24.

d. Ang pagpapako sa lumang tao ay responsabilidad ng Diyos; ang pagpapako sa laman ay responsabilidad natin—Roma 6:6; 8:13; Gal. 5:24.

**IV. Inutusan ng Diyos si Saul na "lipulin ang mga Amalekita" at "lubusang wasakin ang lahat ng tinatangkilik nila" at walang ititira sa kanila, subalit hindi niya sinunod ang utos ni Jehovah—1 Sam. 15:3-9:**

A. Pinatay ni Saul ang mga Amalekita, subalit itinira si Agag na hari at ang pinakamabuti sa mga tupa, sa mga baka, sa mga pinataba, sa mga kordero, at lahat ng mabuti—bb. 7-9.

B. Si Saul at ang pagligtas ng bayan sa pinakamabuting bahagi ng mga bagay na dapat sana nilang lubusang winasak ay naglalarawan ng katunayan na, sa pangkaranasan, pinahahalagahan natin ang mabubuting aspekto ng ating laman, ang ating natural na buhay, at hindi nagnanais na wasakin ang mga ito:

1. Anuman ang ginagawa natin hiwalay sa biyaya ng Diyos at hiwalay sa pagdepende sa Kanya at pagtitiwala sa Kanya ay mula sa laman—Fil. 3:3-4.
2. Bawat aspekto ng laman, mabuti man o masama, ay salungat sa biyaya at sa kaharian ng Diyos at inilalayo tayo sa pagtatamasa kay Kristo; samakatuwid, dapat nating kamuhian ang bawat aspekto ng laman at maging lubusan sa pagwasak sa laman—Roma 8:13; Gal. 3:3; 5:2-4.

C. Hindi ninais ng Diyos na gamitin ni Saul ang pinakamabuti sa mga baka bilang isang hain sa Kanya—1 Sam. 15:15:

1. Anumang inialay at inihain sa Diyos na nagmula sa laman ay masama sa Kanyang paningin—b. 19.
2. Ang maghandog ng isang bagay sa Diyos ayon sa ating sariling kalooban ay mapangahas at makasalanan—Gen. 4:5; Mat. 7:22-23.

**V. Ang paggawa ng mabuti ayon sa ating sariling kalooban sa katunayan ay isang gawa ng pagrerebelde laban sa trono ng Diyos at sa Kanyang ekonomiya—1 Sam. 15:22-23; Exo. 17:16:**

A. Ang pagsuway ni Saul ang naghantad sa kanya bilang isang rebelde laban sa Diyos at isang kaaway ng Diyos—1 Sam. 22:17.

B. Si Saul ay lubusang mapagrebelde tungo sa Diyos; hindi siya nagpailalim sa Diyos, ni kinuha ang Diyos bilang kanyang Hari at Ulo.

C. Siya ay nabuuan ng pagrerebelde, na kasing sama ng pagsamba sa mga diyos-diyosan—15:23.

D. Ang ginawa ni Saul ay kasing sama ng pakikipag-ugnay sa masamang espiritu para sa layuning isagawa ang intensiyon ng espiritung iyon, hindi ang intensiyon ng Diyos—b. 23.

E. Lahat ng pagrerebelde ay isang bagay ng kapangahasan, isang bagay ng mapangahas na paggawa ng mga bagay na wala ang Diyos.

**VI. Naiwala ni Saul ang kanyang pagkahari sapagkat hindi niya lubusang winasak ang Amalek—15:26, 28:**

A. Kung hindi tayo lubusan sa pagtutuos sa ating laman ay maiwawala natin, gaya ni Saul, ang ating pagkahari—1 Ped. 2:9; Apoc. 1:6; 5:10.

B. Ang talâ ng pagsuway ni Saul ay isang babala, nagpapahiwatig na hindi tayo dapat gumawa ng anuman sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng ating laman; sa lahat ng bagay dapat nating ipako ang ating laman at tapat na mag-ensayo ng ating espiritu upang sumunod sa Panginoon, na siyang nagbibigay-buhay, napasukdol na Espiritung nananahanan sa ating espiritu at kaisa natin—1 Cor. 15:45; 6:17; 2 Tim. 4:22; Gal. 5:16, 25.

C. Kapag ang Amalek ay natuos, ang kaharian ng Diyos ay kaagad na papasok—Exo. 18:1-26:

1. Ang kaharian ng Diyos ay tumutukoy sa awtoridad ng Diyos kung saan ang lahat ng bagay ay ipinailalim sa Diyos—Marc. 1:15; Juan 3:3, 5; Apoc. 11:15; 12:10; Dan. 2:44.
2. Dahil ang laman ay laban sa pagkahari, ang laman ay dapat lubusang tuusin bago makapasok ang kaharian ng Diyos—1 Cor. 6:9-10; Eph. 5:5.

D. Kung susundin natin ang salita ng Panginoon na lubusang wasakin ang laman at mamuhay at lumakad ayon sa espiritu, tataglayin natin ang pagkahari at mapasasa kaharian ng Diyos—Roma 8:4; 14:17; Gal. 5:19-21; 2 Ped. 1:5-11.

*© 2021 Living Stream Ministry*